Kalagayan ng Manggagawang Pilipino

Oktubre 2024

Ecumenical Institute for Labor Education and Research, Inc.

PANIMULA

Nagsara ang ikalawang taon ng administrasyong Marcos sa hikahos na kalagayan ng manggagawang Pilipino.

Naglaan ng maraming oras at rekurso ang administrasyong Marcos upang konsolidahin ang kapangyarihan nito. Kinatatangian ang taong ito nang palalim na hidwaan sa pangkating Marcos at Duterte. Ang mga pagsusumikap ng progresibong bloke sa Kongreso upang isiwalat ang mga kapalpakan at korapsyon ng nagdaan at kasalukuyang administrasyon ay sinakyan at sinamantala ng pangkating Marcos upang idiin ang pangkating Duterte. Naging maiinit na usapin sa budget hearings ang confidential funds ni Bise Presidente Sara Duterte at kanyang kapalpakan bilang kalihim ng edukasyon. Sa kabilang banda, niratsada ang pagpasa sa budget ng pangulo. Nagpapatuloy din ang congressional hearing patungkol sa POGOs.

Ang ala-sirkong palabas sa Kongreso ay nagsisilbing panakip-butas sa kapalpalkan ng kasalukuyang administrasyon na bigong tugunan ang mga batayang kahilingan ng masang Pilipino. Kung tutuusin, ang administrasyong Marcos ay katulad lamang, kung hindi mas masahol, sa nagdaang gobyerno. Tulad ni Duterte, pinapalobo ni Marcos ang utang ng bansa na umabot na sa PhP 15.69 trilyon nitong Hulyo. Pinagpapatuloy din nito ang mga neoliberal na polisiya sa pamamahala at ekonomiya na lalong nagpapahirap sa buhay ng laksa-laksang mamamayan. Ang ipinagmamalaking paglago ng ekonomiya ay inutil sa harap ng mababa at bansot na halaga ng sahod, laganap na impormalisasyon sa paggawa, kawalang seguridad sa empleyo, at maharas na panunupil sa kilusang paggawa.

Sang-ayon sa mga prinsipyo ng neoliberalismo, ipinauubaya sa mga korporasyon ang usapin ng sahod, kalagayan sa trabaho, at iba pang susing usaping paggawa sa paniniwalang ang maluwag na kontrol sa mga korporasyon ang makapagpapalago ng ekonomiya. Tunay ngang lumalago ang ekonomiya ngunit ang dagdag yamang nalilikha

mula sa pagpiga ng lakas paggawa ay naiimbudo lamang sa bulsa ng mga kapitalista at kanilang kasabwat sa pamahalaan. Hindi kataka-taka na malayung-malayo pa rin ang agwat ng kita sa pagitan ng masang Pilipino at ng pinakamayamang kapitalista't politiko sa bansa.

SAHOD

Sa taong 2023, nagtala ang Pilipinas ng 15.5% na tantos ng kahirapan, katumbas ng 17.54 milyong Pilipino. Ang nabanggit na tantos ay mas mababa ng 2.6% kumpara noong 2021. Itinakda sa PhP 92.49 ang daily per capita poverty threshold. Ibig sabihin, ang isang Pilipino na kumikita o nabubuhay ng higit sa nasabing halaga ay hindi binibilang na 'mahirap'. Kaya naman sa isang bansa kung saan sahod ang pinagkukunan ng kita ng 56% ng mga pamilya, mabigat na salik ang sahod sa pagsidhi o paghupa ng kahirapan sa bansa.

Sa unang hati ng taong 2024, naglipana ang mga panukalang batas sa Kongreso na layong magpatupad ng pambansang umento sa minimum na sahod. Naglalaro sa pagitan ng PhP 100 at PhP 150, intensyon ng umento na ibsan ang pinapasang hirap ng milyun-milyong manggagawa sa harap nang mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Sa isang tala, sa 15.7 milyong manggagawang nakapaloob sa mga pribadong empresa noong Oktubre 2022, 7.3 milyon ang tumatanggap ng minimum na sahod o halagang mas mababa rito.[1] Ayon naman sa isang survey noong 2022, sa 5.37 milyong manggagawang nakapaloob sa mga pribadong empresa na may di bababa sa 20 empleyado, 19.4% o 1.04 milyon ang tumatanggap ng minimum na sahod.[2] Gayunman, lumipas ang maraming buwan ngunit nanatiling nakabinbin ang nasabing mga panukala. Dagdag pa, lima (5) sa 17 rehiyon pa lamang ang nagpapatupad ng umento sa minimum na sahod para sa taong 2024.

Isa sa mga argumento na humaharang sa makabuluhang umento sa sahod ay ang diumanong maidudulot nitong pagkalugi para sa mga maliliit na negosyante. Ngunit ayon sa Annual Survey of Philippine Business and Industry 2021, ang halaga ng sahod ng mga empleyado ay pitong porsyento (7%) lamang ng kabuuang kita ng mga MSME. Para sa mga malalaking empresa, ang tantos naman ay nasa 12%.[13]

Sinasabi rin na ang pagtaas ng minimum na sahod ay magtutulak sa presyo pataas. Ang pagtaas ng sahod ay nangangahulugan ng paglaki ng gastos ng mga korporasyon. Upang maibsan ito, ipinapasa ng mga negosyante ang dagdag gastos sa mga

mamimili. Ibig sabihin, ang ‘inflationary effect’ dulot umano ng pagtaas ng sahod ay sa tunguhing mamintina ang tantos ng tubo ng mga kapitalista.

Habang nagpapatuloy ang matumal at kakarampot na umento sa sahod sa harap ng pagsirit ng mga presyo, mananatiling tigil at mababa ang tunay na halaga ng sahod. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang kasalukuyang minimum na sahod sa bawat rehiyon, kapwa tantos agrikultural at di-agrikultural, at katumbas nitong tunay na halaga (real wage).

REHIYON	**CONSUMER PRICE INDEX (August 2024)**	**DI-AGRIKULTURAL (PhP)**		**AGRIKULTURAL (PhP)**	
		Nominal	**Real**	**Nominal**	**Real**
NCR	122.8	608-645	525.24	608	495.11
CAR	124.6	430	345.10	430	345.10
I	124.1	402-435	350.52	402	323.93
II	127.8	450	352.11	415	324.73
III	131.2	449-500	381.10	422-470	358.23
IV-A	126.6	385-520	410.74	385-479	378.36
IV-B	133.5	369-395	295.88	369-395	295.88
V	131.7	395	299.92	395	299.92
VI	130.3	450-480	368.38	440	337.68
VII	121	420-468	386.78	415-458	378.51
VIII	124.2	405	326.09	375	301.93
IX	124.7	381	305.53	368	295.11
X	128.2	423-438	341.65	411-426	332.29
XI	128.6	481	374.03	476	370.14

XII	129	403	312.40	382	296.12
CARAGA	126.2	385	305.07	385	305.07
BARMM	125.7	336-361	287.19	316-335	266.51

Bagamat nakasaad sa batas ang pagpapatupad ng minimum na sahod, marami pa ring mga manggagawa ang tumatanggap nang mas mababang halaga kaysa rito. Sa pinakahuling datos noong 2021, mayroong 2.8% o 1,231,672[3] mga manggagawang may trabaho ang nabubuhay sa halagang di aabot sa USD 1.90 o PhP 93.58[4]. Tinakda ang international poverty line sa nabanggit na halaga mula 2015 hanggang 2021. Makikita ring mas mataas ang tantos sa hanay nang mas nakababatang mga manggagawa kumpara sa mga nasa edad 24 pataas.



Sa kabilang panig, maoobserbahan na mas mababa ang minimum na sahod ng mga manggagawang agrikultural kumpara sa mga manggagawang di-agrikultural. Ang agwat ay nasa pagitan ng PhP 5 at PhP 41. Sa katunayan, ang ganitong pag-uuri ng sahod ay ipinapatupad na bago pa man ang sistemang rehiyunalisasyon ng minimum na sahod. Sinasang-ayunan ng sumusunod na graph ang mas masahol na kalagayan ng sahod

ng mga manggagawang agrikultural. Makikita na nadagdagan ng PhP 190 ang average daily basic pay ng sahurang manggagawang agrikultural sa nakalipas na 18 taon. Gayunman, ito ay katumbas lamang ng PhP 62 na pagtaas sa tunay nitong halaga.



Hindi kataka-taka na higit ding mas mataas ang bilang ng mahihirap sa hanay ng mga agrikultural na manggagawa. Sa pinakahuling datos, mas mataas nang higit dalawang ulit ang tantos ng kahirapan sa hanay ng mga magsasaka at mangingisda kumpara sa pambansang tantos.



Gayundin, mas mataas ng tatlong ulit ang tantos ng subsidence incidence sa hanay ng mga magsasaka at mangingisda kumpara sa pambansang tantos. Ang subsidence incidence ay tumutukoy sa dami ng food poor o mga indibidwal na hindi sapat ang kita upang maabot ang halagang makapagtutustos sa batayang pangangailangan na pagkain (food threshold). Ang food threshold para sa isang indibidwal kada araw ay nasa PhP 55.86 lamang noong 2021[5]. Ibig sabihin, hindi itinuturing na food poor ang mga indibidwal na lalampas ang kita sa halagang nabanggit.



Ayon sa 2023 Family Income and Expenditure Survey, ang 10% pinakamayayaman na pamilyang Pilipino (10th decile) ay may taunang karaniwang kita na PhP 895,470 samantalang ang 10% pinakamahihirap na Pilipino (1st decile) naman ay may taunang karaniwang kita na PhP 143,280. Nangangahulugan na ang karaniwang kita ng nauna ay anim na ulit na mas malaki kaysa sa huli.



Kung kabuuan ang susukatin, ang kita ng 10% pinakamayayamang pamilya (10th decile) para sa taong 2023 ay umabot sa PhP 2.46 trilyon samantalang nasa PhP 393.69 bilyon lamang para sa 10% pinakamahihirap na pamilya (1st decile). Kung ipaghahambing, ang nauna ay anim na ulit na mas malaki kaysa sa huli. Dagdag pa, halos kasinglaki ng kita ng 10% pinakamayayamang pamilya (10th decile) ang kita ng 50% pinakamahihirap na pamilyang Pilipino (1st decile, 2nd decile, 3rd decile, 4th decile, 5th decile) na aabot sa PhP 2.88 trilyon.



Kung susuriin, malaking bahagi ng kita ng pinakamayayamang pamilya ay nakakonsentra lamang sa iilang mga pamilya at indibidwal. Pangunahin na rito ang magkakapatid na Sy kung saan nadagdagan ang kanilang net worth ng PhP 100.13 bilyon[6] para sa taong 2023. Malaki rin ang itinaas ng net worth nina Ramon Ang (PhP 77.88 bilyon), Enrique Razon Jr. (PhP 33.38 bilyon) at Manny Villar (PhP 16.69 bilyon) sa parehong panahon.[5]

Makikitang sa mga nabanggit na kilo-kilometro ang agwat ng kinikita ng mga pinakamayayaman at pinakamahihirap na mga Pilipino. Mula rito, umiigting ang panawagan ng mga unyon at pangmasang organisasyon para sa makabuluhang umento sa sahod at makatwirang pagbubuwis sa mga pinakamayayamang indibidwal at korporasyon.

TRABAHO

Makikita sa sumusunod na talahanayan ang kasalukuyang kondisyon ng pwersa sa paggawa:

2024	Enero	Pebrero	Marso	Abril	Mayo	Hunyo	Hulyo
Labor Force Participation (%)	61.1	64.8	65.3	64.1	64.8	66.0	63.5

Employed (%)	95.5	96.5	96.1	96.0	95.9	96.9	95.3
Underemployed (%)	13.9	12.4	11.0	14.6	9.9	12.1	12.1
Unemployed (%)	4.5	3.5	3.9	4.0	4.1	3.1	4.7
Persons Not in the Labor Force (%)	38.9	35.2	34.7	35.9	35.2	34.0	36.5

Sa buwan ng Hulyo, mayroong 47.7 milyong mamamayang may trabaho (employed) kung saan 5.77 milyon dito ang underemployed o mga nagpahayag ng kagustuhang dagdagan ang oras ng kanilang paggawa.

Sa batayan ng oras paggawa, mayroong 9.55 milyong manggagawang nagtatrabaho nang higit sa 48 oras kada linggo. Sa hanay nila, 6.03 milyon o tatlo sa bawat lima (3 out of 5) sa kanila ang nagsabi na dagdag kita ang dahilan ng kanilang pagtatrabaho ng lampas sa normal work hours. Sa kabilang panig, mayroong 13.84 milyong manggagawa ang hindi aabot sa 40 oras ang kanilang lingguhang oras paggawa. Sa hanay nila, 9.15 milyon o pito sa bawat 10 (7 out of 10) sa kanila ang nagsabi na kalikasan/katangian ng kanilang trabaho ang dahilan kung bakit mas mababa sa 40 oras ang kanilang lingguhang oras ng paggawa. Kabilang sa mga manggagawang ito ang mga ‘part-timer’ o mga manggagawang wala sa pormal na empleyo. Dahil sa ganitong kalikasan ng kanilang trabaho, marami sa kanila ang hindi nakatatanggap ng mga benepisyo o panlipunang proteksyon na kaakibat ng pormal at regular na empleyo.

Samantala, mayroong 2.38 milyong manggagawa ang walang trabaho sa buwan ng Hulyo. Kapansin-pansin na maraming mga Pilipino ang hindi binibilang ng gobyerno sa pwersa ng paggawa. Sa buwan ng Hulyo, 36.5% o 28.82 milyong Pilipino edad 15 pataas ang hindi kabilang sa pwersa ng paggawa ng bansa. Ayon sa Philippine Statistics Authority, kabilang sa hanay na ito ang mga PWD, mga nag-aaral sa paaralan, mga retirado, at mga *housewife*. Ang huli, bagamat malaki ang ambag sa kani-kanilang pamilya at lipunan, ay hindi binibilang ng pamahalaan sa pwersa ng paggawa.

Batay sa sektor, 60.8% o 29 milyong manggagawang may trabaho ang nasa sektor ng serbisyo. Pumapangalawa rito ang sektor ng agrikultura na nag-eempleyo ng 21.2% o

10.11 milyong magsasaka at mangingisda at nasa hulihan ang sektor ng manupaktura na kinapapalooban ng 18% o 8.59 milyong manggagawang may trabaho.

Batay sa uri ng trabaho, pinakamalaking dami pa rin ang gumagampan ng *elementary occupations* na umaabot sa 26.5% o 12.64 milyong manggagawang may trabaho. Ayon sa 2022 Occupational Wages Survey, ang karaniwang tantos ng sahod (average wage rate) ng mga gumagampan ng elementary occupations sa lahat ng industriya ay nagkakahalaga ng PhP 12,276 kada buwan.[8] Pumapangalawa naman ang sales at service workers na umaabot sa 24.2% o 11.54 milyong manggagawa. Ang dalawang nabanggit na linya ng paggawa na sumasaklaw sa kalahati ng buong pwersa ng paggawang may trabaho ay kinatatangian ng laganap na impormalisasyon, mababang pasahod, kontraktwalisasyon, at kawalan o kapos na access sa mga panlipunang proteksyon at benepisyo.

Batay sa uri ng manggagawa, 63.8% o 30.43 milyong manggagawa ang sinasahuran (wage and salary workers). Mula rito, 49.9% o 23.8 milyon ang nakapaloob sa mga pribadong empresa. Mayroon namang 5.7% o 2.72 milyong manggagawa ang nagtatrabaho sa mga sakahan o empresa na pagmamay-ari ng kanilang pamilya. Ang huling nabanggit na uri ng manggagawa ay hindi nakatatanggap ng sahod (unpaid family worker).

Batay sa kasarian, nananatiling malayo ang agwat ng partisipasyon sa pwersa ng paggawa (labor force participation o LFP) sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan. Ang LFP ng mga lalaki ay nasa 74.5% o katumbas ng 29.48 milyong katao. Samantala, ang LFP ng kababaihan ay nasa 52.4% o katumbas ng 20.6 milyong katao. Isa sa mga salik sa malaking agwat na ito sa LFP ay dahil maraming kababaihan ang nadedestino sa *housekeeping*. Batay sa nabanggit sa itaas, sila ay tinuturing na *persons not in the labor force* kahanay ng mga PWD, estudyante, at mga retirado.

Ayon sa 2023 Survey on Overseas Filipinos, mayroong 2.16 milyong overseas Filipino workers (OFWs), mas mataas kaysa sa 1.96 milyong OFWs na naitala noong 2022. Higit kalahati sa kanila ay mga kababaihan (55.6%). Sa 1.20 milyong kababaihang OFW, 64.1% ang gumagampan ng elementary occupations. Ayon sa PSA, kabilang sa mga gawaing ito ang sumusunod: cleaning, restocking supplies and performing basic maintenance in apartments, houses, kitchens, hotels, offices and other buildings; washing of cars and windows; helping in kitchens and performing simple tasks in food preparations; delivering messages or goods; carrying luggages and handling baggages, etc. Sa hanay naman ng mga kalalakihang OFW, pinakamarami sa kanila (25.4%) ang plant and machine operators and assemblers.[9]

Ang impormal na sektor ay kinapapalooban ng di bababa sa 16.17 milyong manggagawa sa buwan ng Hulyo. Kabilang lamang sa datos na ito ang mga

kinategorisang ‘self-employed’ at ‘unpaid family members’ sa pinakahuling Labor Force Survey, sang-ayon sa kasalukuyang metodo ng pagtataya ng PSA.[10] Sa ganitong gana, ang nabanggit na bilang ay kapos upang masalamin ang lawak ng impormalisasyon sa bansa. Kung tutuusin, maaaring isama sa bilang ang mga nagtatrabaho sa ‘private household’ tulad ng mga kasambahay na higit 2.1 milyon ang dami. Sila ay lantad sa mga bulnerabilidad tulad ng mababang pasahod at domestic violence. Sa kasalukuyan, nasa pagitan ng PhP 4,100 at PhP 6,500 lamang ang minimum na sahod ng mga kasambahay. Maaari ring masama sa bilang ng sektor ang mga nagtatrabaho sa loob ng pribadong empresa. Bagamat sila ay nakapaloob sa pormal na kaayusan sa empleyo, marami sa kanila ang babad sa iba’t ibang bulnerabilidad tulad ng mababang pasahod, di-ligtas na kondisyon sa paggawa, kawalang access sa panlipunang proteksyon, at kawalang seguridad sa trabaho.

Isa sa mga dumarami na karagdagan sa impormal na sektor ang mga delivery riders at app-based taxi drivers. Ang mga riders at drivers ay hindi kinikilala ng mga kumpanya, tulad ng Grab, bilang kanilang mga empleyado. Bagkus, sila ay tinatawag na rider-partners. Sa ganitong gana, hindi sila makatatamasa ng benepisyo mula sa SSS, PhilHealth, at PAG-IBIG kung hindi sila kusang magpapamiyembro at maghuhulog ng premium rito. Limitado rin ang halaga ng accident insurance para sa kanila dagdag pa ang liku’t ikot ng pagpoproseso nito. Sa report ng Bulatlat, may isang rider ang nagpahayag na umaabot lamang ng PhP 1,000 ang kaniyang kita sa loob ng 17-20 oras na pagtatrabaho.[11] Sa isang report naman ng EILER, mula sa PhP 79 kada delivery noong 2020, bumaba ito patungong PhP 48 matapos lamang ang isang taon.[12]

Sa pinakahuling datos noong 2022, mayroon namang 990,443 manggagawang di-regular sa hanay ng 5.37 milyong nakapaloob sa mga empresang mayroong di bababa sa 20 empleyado. Halos kalahati nito ay probationary employees (489,499) at 296,258 naman ay kontraktwal o project-based. Bukod pa rito, mayroong 590,779 na manggagawa ang agency-hired.

Tunay na marami ang nagtatrabahong Pilipino sa intensyong mapangibabawan ang gutom. Gayunman, katambal na katotohanan na mababa ang kalidad ng trabaho ng milyun-milyong manggagawang Pilipino. Makikita ito sa konsentrasyon ng kalakhan ng mga manggagawa na gumagampan ng low-paying jobs, laganap na pagtatrabaho ng lampas sa normal na dami ng oras paggawa, malawak na impormalisasyon, at exodo ng milyun-milyong Pilipino palabas ng bansa para sa disenteng kita.

KARAPATAN

Sa harap ng tumitinding pang-ekonomiko at pampulitikang krisis sa bansa, ginagawa ng mga kapitalista ang lahat ng kanilang makakaya upang ipagpatuloy ang pagpiga ng malaking tubo at pagtiyak sa kanilang mga negosyo. Alinsunod dito, lalong nagiging malupit ang mga burukrata kapitalista sa pagpigil sa mga manggagawa na kamtin ang kanilang mga indibidwal at kolektibong karapatan sa paggawa.

Panunupil sa mga karapatan ng manggagawa

Sa buong bansa, ang unyon ng manggagawa at mga demokratikong karapatan ay sistematiko at laganap na nilalabag ng mga kapitalista na kadalasang may lihim o hayag na pakikipagsabwatan sa gobyerno sa iba't ibang antas. Hindi nakagugulat na naging napakahirap na mag-organisa ng paggawa sa bansa.

Sa katunayan, patuloy na kabilang ang Pilipinas sa sampung pinakamalalang bansa pagdating sa pagtrato sa mga manggagawa, ayon sa ulat ng International Trade Union Confederation (ITUC) Global Rights Index 2024. Nasa listahang ito ang Pilipinas mula taong 2017. Sa gradong 5, tinukoy na hindi natatamasa ng mga manggagawa ang kanilang mga batayang karapatan. Bagaman may mga batas na naglalayong protektahan ang mga karapatan ng mga manggagawa, nananatiling limitado ang kanilang pagpapatupad o madalas na hindi sila lubos na napakikinabangan. [13]

Bukod dito, ang mga unyon ay nagiging biktima ng karahasan ng estado sa anyo ng red-tagging, sapilitang pagkawala, iligal na pag-aresto, pagdukot, at pamamaslang, na lalong lumala sa ilalim ng administrasyong Marcos-Duterte.

Sa ulat ng ITUC, binanggit ang pagpaslang sa mga labor organizers na sina Alex Dolorosa mula sa BPO Industry Employee Network (BIENT) at Jude Thaddeus Fernandez mula sa Kilusang Mayo Uno noong 2023. Biktima rin ng extra-judicial killing si Emelda Fausto, isang manggagawang-bukid, kasama ang kanyang asawa at dalawang anak.

Sa kasalukuyan ay may 755 na bilanggong pulitikal sa bansa, 27 dito ay mga aktibista sa paggawa. Kalakhan sa kanila ay kinulong sa ilalim ng rehimeng Rodrigo Duterte ngunit hanggang ngayon ay walang malinaw na hakbang para sa kanilang pagpapalaya.

Labing tatlo na ang sapilitang nawala sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Sa sektor ng paggawa, si William Lariosa, isang organizer sa Mindanao, ay dinukot noong Abril 2024, samantalang si Loi Magbanua, isang organizer sa Metro Manila, ay dinukot noong Mayo 2022. [14]

Kalagayan ng Unyonismo

Sa datos ng gobyerno, makikita ang maliit na pagdami sa kasapian ng mga organisasyon ng paggawa. Ayon sa Bureau of Labor Relations (BLR), may humigit-kumulang 6.11 milyong miyembro ang 143,741 na rehistradong organisasyon ng paggawa (labor organization) sa pangalawang kwarto ng 2024. Mas mataas ito ng 2.17% kumpara sa unang kwarto ng kasalukuyang taon. Nagkaroon rin ng 1.74% na pagtaas sa bilang ng mga organisasyon.

Gayunman, lubhang mababa pa rin ito kumpara sa kabuuang bilang ng mga manggagawang kalahok sa paggawa (labor force). Mas malala pa rito, bumaba ang bilang ng mga manggagawang nasasakop ng collective bargaining agreements (CBA). Mula sa 292,368 noong unang kwarto ng 2024, nasa 288,313 na lamang ang nasasakop ng CBA. [15]

Makikita sa mga graph sa ibaba ang mababang bilang ng CBA pati na rin ang bilang ng mga manggagawa na sakop nito. Hindi lumalagpas sa 300,000 ang mga manggagawa na nasasakop ng CBA, ibig sabihin, nasa 3-5% lamang ang nakakatamasa ng kanilang karapatan sa collective bargaining. [16]



Ayon sa gobyerno, nagkaroon ng pagtaas sa kabuuang bilang ng mga organisasyon sa paggawa. Sa ikalawang quarter ng 2024, umabot sa 143,741 ang kabuuang bilang ng

mga rehistradong unyon at asosasyon ng mga manggagawa sa pampubliko at pribadong sektor, katumbas ng 1.7% na pagtaas mula sa unang kwarto ng 2024 (141,279). Ang pagtaas na ito ay kumakatawan sa 2,462 karagdagang pagpaparehistro ng organisasyon ng paggawa, na sumasaklaw sa 121,472 miyembro. Ngunit sa 50.07 milyong manggagawang lumalahok sa paggawa, 6.11 milyon lang o 12.20% lamang ang nabibilang sa mga organisasyon.

Organisadong Manggagawa sa mga Asosasyon at Unyon (as of 2nd Quarter 2024)

Kategorya	**Dami**	**Tantos ng organisadong manggagawa**
Labor Force	78.89 milyon	7.74 %
Labor Force Participation	50.07 milyon	12.20 %
Employed	47.70 milyon	12.80%
Wage and Salary	30.41 milyon	20.09%
Private Sector Unions membership	1.67 milyon	27.3%

Mas lalong maliit ang bilang ng mga manggagawang nakikilahok sa collective bargaining para sa kanilang sahod at benepisyo. Hindi aabot sa 1% ng mga manggagawang kalahok sa paggawa ang nakakatamasa ng mga benepisyo mula sa CBA.

Mga manggagawang sakop ng CBA (as of 2nd Quarter 2024)

Kategorya	**Dami**	**Tantos ng organisadong manggagawa**
Labor Force Participation	50.07 milyon	0.57%
Employed	47.70 milyon	0.60%
Wage and Salary	30.41 milyon	0.95%
Organized workers	6.11 milyon	4.71%

Transport Strike

Nagkaroon ng 85% na pagkaparalisa sa mga mayor na ruta sa Metro Manila noong pangalawang araw ng transport strike noong Setyembre 24. Ang strike na pinamunuan ng mga grupong Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) at Samahang Manibela Mananakay at Nagkaisang Terminal ng Transportasyon (Manibel) ay ikinasa upang tutulan ang Public Transportation Modernization Program (PTMP), na naglalayong palitan ang mga tradisyunal na jeepney ng mga modernong unit.

Pinalawig ng LTFRB ang mga deadline para sa mga jeepney operator na sumunod sa modernization program. Naghain ng mosyon ang PISTON sa Korte Suprema na humihingi ng resolusyon sa kanilang kahilingan para sa Temporary Restraining Order laban sa PTMP. Ikinatuwiran nila na ang mga extension ay nagpapatunay sa kabiguan ng programa at nagbabanta sa kabuhayan ng mga tsuper at operator. Nanawagan ang PISTON sa pagwawakas ng programa at nangako ng patuloy na welga kung magpapatuloy ang gobyerno sa pagphaseout ng mga tradisyunal na jeepney. [17]

Nexperia mass layoffs

Nanghimasok ang pamunuan ng Nexperia sa nakatakdang pagboto ng strike noong Hulyo 17 sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga kundisyon na lumabag sa kalayaan ng unyon, gaya ng pag-aatas sa pag-tap ng ID, pagtatatak sa balota ng management, at pagkakaroon ng kinatawan ng management sa sentro ng botohan. Ito ay malinaw na paglabag sa kalayaan sa sa pagsasamahan

Ang strike vote ay bunsod ng serye ng mga tanggalan sa trabaho na nakakaapekto sa 388 manggagawa sa gitna ng collective bargaining negotiations. Sinasabi ng Nexperia na ang mga tanggalan ay nakabatay sa performance-based evaluation, ngunit ito ay malinaw na mga hakbang sa pagbawas sa gastos, kabilang ang pagtaas ng ratio ng tao sa makina.

Ang Nexperia Philippines, Inc. Workers Union (NPIWU)-NAFLU-KMU, na may mahigit 1,500 miyembro, ay isa sa pinakamalaki at pinakaaktibo sa Pilipinas. Kaya naman, ang pag-atake laban sa paggigiit nito para sa mga karapatan ng manggagawa ay isa ring pag-atake laban sa kilusang manggagawa sa Pilipinas sa pangkalahatan.

Ang tanggalan sa Nexperia ay nagpapakita ng mas malawak pang isyu. Ang mga kumpanya tulad ng Nexperia ay isa sa mga apektado sa digmaang pangkalakalan ng U.S. at China at ang tumitinding kompetisyon sa pagitan ng dalawang imperyalistang bansang ito ay magdudulot ng mas matinding atake sa karapatan ng mga

manggagawa.[18] Kung kaya't, kailangan pa ring maging handa sa mga resulta ng negosasyon at mga susunod na hakbangin ng Nexperia.

Nitong setyembre 18, naging matagumpay ang pagigiit sa karapatan sa tiyak na trabaho ng NPIWU. Kabilang sa mga napagtagumpayan ay ang "extension ng VSP package para sa mga tinanggal, pagpapatuloy ng health management organization (HMO) coverage, pagbibigay prayoridad sa mga natanggal sa hiring at kasunduan na walang tanggalan o pagbabawas ng manggagawa hanggang Dis. 31, 2024." [19]

Sofitel layoffs

Mula nang ipahayag ng Sofitel ang planong pagsasara nito noong Hulyo 1, nagpiket ang National Union of Workers in Hotel, Restaurant, and Allied Industries (NUWHRAIN), union ng mga manggagawa ng hotel, na hinihiling na ayusin ng hotel owner na Philippine Plaza Holdings Incorporated (PPHI) ang mga usapin sa kanila. Binanggit ng pamunuan ng Sofitel na isyu sa kaligtasan ang isa sa dahilan ng pagsasara at ang pangangailangang i-renovate ang mga pasilidad ng hotel. Para sa mga manggagawa, malabo ang rason na ibinibigay sa kanila ng kumpanya bilang katwiran sa tanggalan. Ginigiit ng mga manggagawa na isa itong iskema ng PPHI upang sirain ang unyon.

Kasama sa mga panawagan ng union ang pagpapanatili ng mga manggagawa sa kanilang trabaho, kahit na nangangahulugan ito ng paghihintay sa muling pagbubukas ng hotel. Sa kalaunan, nagkasundo ang management at ang mga unyon ng mga manggagawa para ayusin ang kanilang alitan. [20]

Sa ilalim ng settlement agreement, ang mga empleyado ng Sofitel ay may hanggang ika-5 ng Hulyo para tumanggap ng separation package, na kinabibilangan ng retroactive salary increases, separation pay sa 100-150% ng kanilang adjusted basic monthly salary kada taon ng serbisyo, at isang appreciation bonus. Ang separation package at mga benepisyo ay babayaran nang hindi lalampas sa Hulyo 10. Ngunit ang prinsipyo ng " no work, no pay" ay isinasagawa at ang iba pang mga benepisyo ay sinuspinde.

Ang mga empleyadong hindi tumanggap ng package ay masususpinde ang trabaho sa panahon ng pagsasara. Kung muling magbubukas ang Sofitel sa ilalim ng parehong kumpanya, aabisuhan ang mga empleyadong ito labinlimang araw bago muling magbukas at maaaring bumalik sa trabaho sa ilalim ng parehong mga tuntunin ng kanilang umiiral na collective bargaining agreement (CBA).

Sa panahon ng pagsasara, ang dalawang unyon ng mga manggagawa sa hotel ay patuloy na kikilalanin bilang mga eksklusibong ahente sa pakikipagkasundo. Kinikilala ng unyon ang kanilang tagumpay bilang resulta ng pagkakaisa ng mga manggagawa ng

Sofitel at suporta ng publiko. Binibigyang diin din nila na tanging sa organisadong pagsisikap makakamtan ang tagumpay.

Filinvest Construction Workers' Strike

Mahigit isang daang empleyado ng Dream Builders Pro Inc., ang construction arm ng Filinvest, ang nag-welga dahil sa "union busting." Ang welga ay bunsod ng hindi makatarungang pagpapatalsik sa mga pinuno at miyembro ng Dreambuilders Equitable Alliance of Labor (DEAL). Dati, ang kumpanya ay nagsagawa ng direktang pag-hire o direct hiring ngunit lumipat sa subcontracting matapos bumuo ng mga manggagawa ng isang rehistradong unyon. [21]

Inilalantad ng welga kung paano ginagamit ng Filinvest ang kontraktwalisasyon upang pigilan ang mga manggagawa na bumuo ng mga organisasyon at unyon. Pinapatunayan lamang nito na ang kontraktwalisasyon ay lumalabag sa karapatan ng mga manggagawa pag-oorganisa at sa collective bargaining

Bacolod Water District Employees layoffs

Nagdulot ng alarma ang malawakang tanggalan ng 400 na empleyado ng Bacolod City Water District (BACIWA) dahil sa joint venture agreement (JVA) nito sa Prime Water Inc. na pag-aari ng pamilya Villar. Ilan sa mga karapatan na nilalabag ng kasunduan ay ang seguridad sa trabaho, kalayaan sa pagsasamahan, pati na rin ang karapatan ng publiko sa ligtas at abot-kayang tubig.

Ang mga empleyado ng BACIWA, sa pangunguna ng Bacolod City Water District Employees Union o BEU, ay nagpoprotesta laban sa kanilang iligal na pagkatanggal dahil sa privatization deal, at ang iligal na pagtatanggal sa marami sa kanila dahil sa pagtutol nila sa biglaan at mabilis na pribatisasyon ng water district.

Noong Agosto 21, inutos ng Civil Service Commission (CSC) ang pagpapanumbalik ng 60 empleyado. Sinaad ng kautusan na ang mga manggagawa ay ibabalik "without loss of seniority and shall be entitled to full pay from the time of their separation until actual reinstatement." Ngunit ayon sa mga empleyado ng BACIWA, inapela ng kumpanya ang desisyon sa pambansang tanggapan ng CSC.[22]

Simula Setyembre 16, 2024, patuloy na magsasagawa ng serye ng kilos protesta at lobbying ang BEU sa harap ng CSC. Ang panawagan ng BEU ay ang mabilis at paborableng pagresolba ng kanilang apela para sa muling pagbabalik ng 59 na empleyadong natanggal sa trabaho matapos tanggihan ang separation package at tutulan ang JVA. Ang paglaban sa JVA at ang pagsasapribado ng public service utilities ay nagpapatuloy. [23]

Budget 2025

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan (House of Representatives) ay inaprubahan na ang House Bill No. 10800 noong Setyembre 25. Ang 2025 badyet, na umaabot sa Php6.352 trilyon, ay 10.1% na mas mataas kaysa sa nakaraang taon. Ito raw ay para sa pagpapanatili ng paglago ng ekonomiya.[24] Ngunit sa kabila ng pagtaas na ito, makikita ang malalaking badyet cut na nagbabawas ng tulong sa milyun-milyong Pilipino na umaaray na nga sa taas ng presyo ng bilihin at serbisyo, mababang kita, at kawalan ng trabaho.

Binabawasan ng badyet ang pagpopondo para sa mga pangunahing programa sa proteksyong panlipunan ng 20%, kabilang ang mga makabuluhang pagbawas sa pangangalagang pangkalusugan, kapakanang panlipunan, at suporta sa trabaho. [25] Halimbawa, ang proposed 2025 budget para sa emergency employment program for displaced and disadvantaged workers in the informal sector o TUPAD ay nakatakda sa Php17.4 bilyon. Ito ay halos kalahati (46%) ng kasalukuyang badyet na Php32.1 bilyon ngayong taon. Bukod pa rito, babawasan ng 15% ang badyet para sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA). Babawasan ito sa Php3 bilyon mula sa Php20.5 bilyon noong 2024. Samantala, pinapataas sa 2025 badyet ang paggastos sa pagbabayad utang at imprastraktura. [26]

Sa inaprubahan na budget, binabawasan rin ng budget ang opisina ni Bise Presidente Sara Duterte Duterte ng halos dalawang-katlo (2/3) o mahigit 1.3 bilyong piso. May natitirang 733 milyong piso para sa kanyang opisina. Sa kabilang banda, nariyan ang Php158 biluon na alokasyon para sa unprogrammed appropriations na maaring masabi na pork barrel ng President. Humihingi ng Php10.29 billion na pondo para sa confidential and intelligence funds ang administrasyon kung saan ang kalahati ay mapupunta sa Opisina ng Pangulo. [24] Patunay lamang ito ng tumitinding hidwaan sa pagitan ng pangkatin ng Marcos at Duterte. Mahalagang usapin ang issue ng Budget lalo pa’t paparating na ang midterm elections sa 2025.

KONKLUSYON

Malinaw na hindi kabilang sa mga pangunahing layunin ng gobyerno ang pagtugon sa mga ugat ng kahirapan sa bansa. Sa halip, ang mga proyekto at pondong inilaan para sa susunod na taon ay nagsisilbing patunay na higit na binibigyan ng atensyon ang mga interes ng mayayaman at malalaking negosyo. Sa halip na maglaan ng sapat na suporta para sa mga serbisyong pampubliko, edukasyon, at kalusugan ay mas pinipili ng gobyerno na pagtuunan ng pansin ang mga proyekto na kadalasang nagpapalaki ng kita ng iilang mayayaman. Ang kasalukuyang alokasyon ng pondo, na maari sanang

gamitin upang ibsan ang paghihirap ng karamihan sa kagyat, ay inilalaan sa pagbabayad utang, pondo sa militar, at mga imprastraktura na iilan lamang ang makikinabang. Inaalis ang pondo sa ilang batayang serbisyo na lalo pang magtutulak sa maraming pamilya sa mas malalang sitwasyon ng kahirapan.

Sa gitna ng lumalalang krisis pampulitika at pang-ekonomiya, hindi lamang simpleng pakikiisa ang kinakailangan ng mga manggagawang Pilipino kundi isang malawakang kilusan para sa kanilang mga karapatan. Ang tumitinding agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap ay nagdudulot ng mas malalang pagsasamantala, lalo na sa mga manggagawang impormal at kontraktwal na kadalasang walang sapat na proteksyon mula sa mga batas. Ang mga manggagawa sa sektor ng agrikultura at serbisyong industriyal ay patuloy na nakararanas ng hindi makatarungang sahod, kawalan ng benepisyo, at kawalang kasiguraduhan sa trabaho. Ang mga kapitalista, na binibigyan ng kaluwagan sa mga regulasyon, ay lalong naghihigpit sa mga manggagawa sa ngalan ng pagpiga ng mas malaki pang tubo.

Sa harap ng mga hamong ito, malinaw na ang laban para sa nakabubuhay na sahod at mga batayang karapatan sa paggawa ay hindi maaaring makamit nang nag-iisa. Kinakailangan ng sama-samang pagkilos at organisadong paglaban ng bawat manggagawa upang ipakita ang tunay na kapangyarihan ng paggawa. Ang kilusang paggawa ay hindi lamang tungkol sa ekonomiya, kundi isang laban para sa dignidad at karapatan ng bawat manggagawa na mabuhay nang may pagkakapantay-pantay at katarungan.

Ngayon na ang tamang pagkakataon upang muling mag-organisa, magpalakas ng hanay, at labanan ang mga anyo ng kawalang katarungan na nagdudulot ng pang-aapi at kahirapan. Sa bawat kilos-protesta, kampanya, at pakikipagdayalogo, napapalapit ang mga manggagawa sa makabuluhang pagbabago na magpapatibay ng kanilang karapatan. Ang pagbubuklod ng lahat ng sektor ng paggawa, mula sa mga nagtatrabaho sa pabrika hanggang sa mga manggagawang bukid, ay may kakayahang humubog ng isang lipunan kung saan ang bawat isa ay nakararanas ng pantay na oportunidad at karapat-dapat na pagtrato. Sama-sama, taglay ng mga manggagawa ang kapangyarihang itulak ang isang sistemang mas makatao at makatarungan, na tutugon sa pangangailangan ng lahat, hindi lamang ng iilang may pribilehiyo.

Mga Sanggunian

[1] Congressional Policy and Budget Research Department. 2024. *Raising the Minimum Wage: How Good Intentions Can Lead to Poor Outcomes. Online.* Retrieved: https://cpbrd.congress.gov.ph/images/PDF%20Attachments/CPBRD%20Policy%20Brief/PB2024-02_Raising_the_Minimum_Wage_How_Good_Intentions_Can_Lead_to_Poor_Outcomes.pdf

[2] Philippine Statistics Authority. 2024. *Highlights of the 2021/2022 Integrated Survey on Labor and Employment: Module on Employment: August 2022*. Online. Retrieved: https://www.psa.gov.ph/statistics/isle/node/1684061968

[3] Philippine Statistics Authority. 2023. 2021 Annual Survey of Philippine Business and Industry (ASPBI) - All Establishments by Employment Grouping: Final Results. Online. Retrieved: https://www.psa.gov.ph/content/2021-annual-survey-philippine-business-and-industry-aspbi-all-establishments-employment

[4] Philippine Statistics Authority. 2022. *2021 Annual Labor Market Statistics (Preliminary Results).* Online. Retrieved: https://psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey/node/167377

[5] Bangko Sentral ng Pilipino. 2024. *Philippine Pesos per US Dollar Exchange Rate.* Online. Retrieved: https://www.bsp.gov.ph/statistics/external/Table%2012.pdf

[6] Philippine Statistics Authority. 2022. *Highlights of the 2021 Full Year Official Poverty Statistics.* Online. Retrieved: https://psa.gov.ph/system/files/phdsd2023-01/3-Highlights%2520of%2520the%25202021%2520Full%2520Year%2520Official%2520Poverty%2520Statistics%252C%252012Aug2022_0.pdf

[7] Forbes. 2024. *Philippines' 50 Richest.* Online. Retrieved: https://www.forbes.com/philippines-billionaires/list/#tab:overall

[8] Philippine Statistics Authority. 2023. *Highlights of the 2022 Occupational Wages Survey (OWS).* Online. Retrieved: https://psa.gov.ph/statistics/occupational-wages-survey/node/1684060826

[9] Philippine Statistics Authority. 2024. *2023 Overseas Filipino Workers (Final Results).* Online. Retrieved: https://psa.gov.ph/statistics/survey/labor-and-employment/survey-overseas-filipinos

[10] Philippine Statistics Authority. 2023. *Official Poverty Statistics among the Basic Sectors in the Philippines: 2021 Full Year.* Online. Retrieved:

https://psa.gov.ph/system/files/phdsd/2021%20Full%20Year%20Official%20PovStat%20among%20Basic%20Sectors%20Report_24Mar2023_f_0.pdf

[11] Bulatlat. 2023. *Not-so-safe delivery: Riders' trip to unsafe working conditions.* Online. Retrieved: https://www.bulatlat.org/2023/05/14/not-so-safe-delivery-riders-trip-to-unsafe-working-conditions/

[12] Ecumenical Institute for Labor Education and Research, Inc. 2021. *Digitization of Exploitation - Study on the platform workers in the gig economy in the PH.* Online. Retrieved: https://digitaljustice.cp-union.com/publications/2021/12/15/Thematic-Case-Study-Digitization-of-Exploitation?fbclid=IwY2xjawFMGnxleHRuA2FlbQIxMQABHXCEalPevvfVnrKb_kgCa8JkbusGKJz9d3VwNmUCNd31Tqct4rubAErsuQ_aem_TypdvMGM3ftKue7wuGyWXw

[13] International Trade Union Confederation. (2024). Global Rights Index 2024. https://www.ituc-csi.org/global-rights-index

[14] Center for Trade Union and Human Rights. (2024). Martial Law Persists in the Labor Sector under Marcos Jr. – Labor NGO. Retrieved : https://ctuhr.org/releases/martial-law-persists-in-the-labor-sector-under-marcos-jr-labor-ngo/

[15] Bureau of Labor Relations. (2024). REGISTERED LABOR ORGANIZATIONS, WORKERS' ASSOCIATIONS AND EXISTING COLLECTIVE BARGAINING AGREEMENTS As of 2nd Quarter 2024. Retrieved: https://blr.dole.gov.ph/wp-content/uploads/2024/07/SUMMARY-NARRATIVE-Q2-2024.pdf

[16] Bureau of Labor Relations. (2024). REGISTERED LABOR ORGANIZATIONS, WORKERS' ASSOCIATIONS AND EXISTING COLLECTIVE BARGAINING AGREEMENTS Summary Report 2017-2024. Retrieved: https://blr.dole.gov.ph/wp-content/uploads/2024/07/SUMMARY-NARRATIVE-Q2-2024.pdf

[17] Umil, A. (2024). 2-day transport strike a success – transport groups. Bulatlat. Retrieved: https://www.bulatlat.com/2024/09/25/2-day-transport-strike-a-success-transport-groups/

[18] Ecumenical Institute for Labor Education and Research. (2024). EILER'S STATEMENT OF SUPPORT TO NEXPERIA PHL, INC. WORKERS

UNION-NAFLU-KMU. https://www.facebook.com/eilerincph/posts/pfbid0ubfrBS39n4wzW7iJ6PCxZfyJHfQzibGNjEsfPixVqsW7Tgg8TgjiZJvZuerMdR9bl

[19] Damas, J. (2024). Pagigiit ng katiyakan sa trabaho sa Nexperia, tagumpay. PinoyWeekly. Retrieved: https://storage.googleapis.com/qurium/pinoyweekly.org/2024-10-pagigiit-ng-katiyakan-sa-trabaho-sa-nexperia-tagumpay.html

[20] Abad, M. (2024). Sofitel workers to bring campaign against layoffs to international scene. Rappler. https://www.rappler.com/business/sofitel-workers-bring-campaign-against-layoffs-international-scene/

[21] Bukluran ng Manggagawang Pilipino. (2024). FILINVEST CONSTRUCTION WORKERS ARE ON STRIKE!. Retrieved: https://x.com/BMP_PH/status/1769404872225599557

[22] Gutoman, D. (2024). What you need to know about the mass layoff of Bacolod Water District Employees. Bulatlat. Retrieved: https://www.bulatlat.com/2024/09/21/what-you-need-to-know-about-the-mass-layoff-of-bacolod-water-district-employees/

[23] Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees. (2024). Bacolod City Water District Employees Union to Stage Protest Actions at Civil Service Commission Central Office, Demanding Justice for Workers and Public Service [Press release]. Retrieved: https://www.facebook.com/story.php/?story_fbid=942426674589969&id=100064679347504&paipv=0&eav=AfZrY3XOvItUSZ-RpMpv3ZNzla2rhmoCbCg7HztA7xEllHH9yRcKpf6XXFmbUvqsniE&_rdr

[24] De leon, D. (2024). House passes Marcos admin's proposed 2025 budget, cuts funding for Sara Duterte's OVP. Retrieved: https://www.rappler.com/philippines/house-passes-marcos-administration-proposed-2025-budget-cuts-funding-sara-duterte-office-vice-president/

[25] IBON foundation. (2024). 2025 national budget is agenda of austerity for the many, prosperity for a few- IBON. Retrieved: https://www.ibon.org/2025-national-budget-agenda-of-austerity/

[26] Gulla, V. (2024). TESDA, TUPAD proposed to get lower budgets next year.ABS-CBN News. Retrieved:

https://news.abs-cbn.com/business/2024/8/21/tesda-tupad-proposed-to-get-lower-budgets-next-year-1723